

Kakayahan at legal na pagkatawan para sa pederal RDSP ang kabuurang ulat



Ang Mga Planong Ipon ng Rehistradong Kapansanan (Registered Disability Savings Plan [RDSP]) ay isang paraan sa pag- ipon na nilikha ng gobyernong pederal upang tulungan ang mga taong na may kapansanan sa isang pang-matagalang pinansyal na seguridad. Ang mga matatanda at ang kanilang pamilya at mga kaibigan ay maaaring mag-ambag hanggang sa \$200,000 sa RDSP. Ang mga matatanda ay maaari ring maging marapat para sa mga tulong at bond ng gobyerno na maaaring may kabuuang hanggang \$90,000.

Konteksto

Pangunahing Impormasyon tungkol sa RDSP:

- Mga pinansyal na institusyon, tulad ng mga bangko at kreditong unyon, ay nag-aalok ng mga RDSP sa mga nararapat na mga taong may kapansanan.
- Ang Batas sa Buwis ng Kita (*Income Tax Act [ITA]*) ay nagtatakda kung sino ang nararapat para sa RDSP at ipinapaliwanag kung paano magbukas at mamahala ng RDSP.
- Ang mga matatanda ay maaaring magbukas at mamahala ng kanilang sariling mga pondo sa RDSP bilang “taga-hawak ng plano”.
- Gayunpaman, kung saan mayroong mga alalahanin tungkol sa kakayahan na legal ng isang matanda upang gumawa ng isang kontrata sa isang pinansyal na institusyon upang magtatag ng isang RDSP, dapat ibang tao ay gumawa nito sa kaniyang pangalan. Sa *kabuurang ulat ng LCO, ang tawag sa taong ito ay “Legal na kinatawag RDSP”*.

Ang mga matatanda na may kapansanan ay nakaranas ng mga paghihirap sa paghihirang ng isang legal na kinatawag RDSP upang magtatag ng isang plano sa kanilang pangalan.

- Ang ITA ay hindi naglalaman ng isang proseso sa paghihirang ng isang legal na kinatawag RDSP. Ang ipinagkakaloob ay ang pamamahala sa pagbabatas ng probinsya ang paghihirang ng isang legal na kinatawag RDSP, kabilang isang tagapag-alaga, abogado o ibang tao.
- Sa Ontario, ang Batas sa Kahaliling Mga Pasiya (*Substitute Decisions Act*), 1992 ay namamahala sa paghihirang nga mga tagapag-alaga at abogado.
- Sinsaklaw ng SDA ang mga pangkalahatang pamamahala ng pag-aari, kabilang ang mga ari-arian maliban sa RDSP.

Ang mga matatanda na may kapansanan ay naiulat na nahaharap ng mga paghamon bilang resulta sa mga pangangailangan ng Batas sa Kahaliling Mga Pasiya (*Substitute Decisions Act*), 1992 kung nais nila maghihirang ng isang legal na kinatawag RDSP. Halimbawa,

- Ang katindihan ng kakayahan upang ipagkaloob ang isang power of attorney para sa ari-arian ay maaaring hindi matamo para sa ilang mga matatanda na may kapansanan.
- Ang mga kinakailangan para sa pag-aaplay ng tagapag-alaga ay maaaring may kahirapan kapag isang tao ay nais lamang magtatag ng isang RDSP.

Ang Gobyerno ng Ontario ay humiling na ang Komisyon ng Batas ng Ontario (Law Commission of Ontario [LCO]) ay magsagawa ng isang proyekto na magrekomenda ng isang simpleng proseso sa paghihirang ng isang legal na kinatawan para lamang sa mga RDSP para sa mga matatanda na may kapansanan sa Ontario. Ang kahulihang ulat ng LCO ay gumagawa ng mga rekomendasyon kung ano ang mga panukat na magagawa upang lumikha ng isang proseso na madaling gamitin at hindi magastos, at nagseseguro sa mga matatanda laban sa pinansyal na abuso.

Sa pagbabalangkas ng aming mga rekomendasyon, kami ay kumonsulta sa mga matatanda na may kapansanan at ang kanilang pamilya at mga kaibigan, mga organisasyon ng komunidad, mga legal na klinika, ang mga bar ng pinagtitiwalaan at pag-aari, mga pinansyal na institusyon at mga probinsya at pederal na gobyerno. Itong proseso ay nakatulong sa amin sa paggawa ng mga rekomendasyon na tumutugon sa mga pangangailangan ng mga tao para sa pagsasarili at kalayaan at proteksyon mula sa abuso, at nagbibigay ng pagseseguro para sa mga nagbibigay ng RDSP.



Mga Layunin para sa Reporma

Ang LCO ay nagbalangkas ng mga pamantayan para sa reporma upang ipakita ang mga konsultasyon sa mga namumuhunan pati na rin ng ibat' ibang mga mapagkukuhanan ng batas at polisiya, tulad ng Canadian Charter ng Karapatan at Kalayaan (*Canadian Charter of Rights and Freedoms*) at ang Kombensyon sa Mga Karapatan ng Mga Taong may Kapansanan (*Convention on the Rights of Persons with Disabilities*). Sila ay may gabay sa aming mga rekomendasyon. Ang mga pamantayan ay ipanukala isang tinalagusang proseso na gawin ang sumusunod:

1. Tumugon sa mga pangangailangan ng indibidwal sa paggawa ng pasiya sa RDSP
2. Magtaguyod ng makahulugang pagsasama sa proseso ng paggawa ng pasiya
3. Tiyakin ang mga kinakailangang mga proteksyon sa mga makikinabang ng RDSP ay nasa lugar
4. Magkamit ng pagiging posibleng ng pamamahala, hindi magastos at madaling paggamit
5. Magbigay ng katiyakan sa mga RDSP legal na kinatawan at mga ikatlong partido

Mga Rekomendasyon ng LCO

Inirerekomenda namin na isang tinalagusang proseso ay paganahin ang mga matatanda na sila mismo ay maghirang ng isang miyembro ng pamilya, kaibigan o organisasyon ng komunidad bilang isang legal na kinatawan ng RDSP, kung saan mayroong mga alalahanin tungkol sa kanilang kakayahan sa pagpasok sa isang RDSP na kontrata. Ang legal na kinatawan ng RDSP ay mayroong awtoridad gumawa ng sumusunod:

- magbukas ng RDSP,
- pahintulot sa mga kontribusyon,
- magpasiya sa mga pamumuhunan,
- mag-aplay para sa mga gobyernong tulong at bond, at
- humiling na ang mga bayaran ay gawin sa mga tagamana.

IBANG MGA REKOMENDASYON NA GINAWA NAMIN AY KASAMA NA

- ang proseso ay magagamit ng mga matatanda na walang tagapag-alaga o abogado para sa ari-arian
- ang mga matatanda ay kinakailangan matugunan ang limitasyon sa kakayahan upang ibigay ang personal na paghirang na mas mahigpit kaysa sa pagbigay ng isang kapangyarihan ng abogado ng ari-arian sa Ontario (mga detalye ay nasa kahulihang ulat)
- ang mga matatanda ay may karapatan sa mga proteksyon laban sa pinansyal na pang-aabuso na nasa ilalim ng Batas sa Kahaliling Mga Pasiya (Substitute Decisions Act), 1992 at Batas sa Buwis ng Kita (Income Tax Act)

Ano ang Mangyayari sa mga Pagbabayad sa RDSP?

Ang mga matatanda na tumatanggap ng mga pagbabayad ay maaaring mamahala ng kanilang sariling mga pondo kung sila ay legal na may kakayahan na gawin ito na mayroon o walang suporta ng pamilya o mga kaibigan. Kundiman, isang regular na pamahalaan para sa pamahala ng ari-arian sa ilalim ng Batas sa Kahaliling Mga Pasiya (Substitute Decisions Act), 1992, ay gagamitin.

Bilang isang dagdag na proteksyon laban sa pag-aabusong pampinansyal, nirerekomenda namin na ang legal na kinatawan ng RDSP ay kinakailangan na isaalang-alang kung isang matanda ay may legal na kakayahan na mamahala ng bayaran bago humiling na ang isang bayaran ay ibigay ng direkta sa matanda, at sundan ang mga tiyak na mga pangangalaga. Ang huling ulat ay nagpapaliwanag kung ano ang kasama sa mga pananggalang na ito.

Ang Kahulihang Ulat ng LCO (Ingles at Pranses), at ang mga kabuuran sa simpleng wika ng Ingles, Pranses, Mandarin, Espanyol at Tagalog, ay maaaring makita sa www.lco-cdo.org.

Ang Komisyon ng Batas ng Ontario ay pinopondohan ng:



at sinusuporta ng Mga Guro ng Batas sa:

Unibersidad ng Lakehead, Unibersidad ng Reyna, Unibersidad ng Ottawa (Mga Seksyon ng Komon at Sibil Batas), Unibersidad ng Toronto, Unibersidad ng Windsor at Western Unibersidad. Ito na natatanggap ng karagdagang suporta mula sa Unibersidad York.